

Ang Prepekturang Fukushima International Association ay gustong ipakilala ang Fukushima sa iba't ibang wika sa tulong ng "Now" sa pamamagitan ng pag record ng mga tinig ng mga banyagang residente ng Fukushima at ang kani kanilang pag sisikap para makabangon mataposmaganap ang sakuna, kahit na sa pamamagitan ng palitang panginternasyonal o pag sisikap ng iba't ibang organisasyon. Ang mga may iba't ibang wikang diyaryo ay puwedeng idownload sa homepage ng FIA.



Voices from Fukushima

Pansinin ang pagkakaiba ng loob ng kulay abo

Miss Heesook Yang (ipinanganak sa Korea • kasalukuyang naninirahan sa lunsod ng Fukushima)

Si Miss Heesook Yang ay instructor sa Junior College at Japanese language school sa lunsod ng Fukushima, at boluntaryo din siyang tumutulong para sa mga babaeng galing sa ibang bansa. Kaya siya nakarating sa bansang Hapon ay nag-aral siya dito.

Dalawampung taon na siyang naninirahan dito sa bansang Hapon. Marami na siyang karanasan buhat ng siya ay manirahan sa bansang Hapon. Alamin natin kung ano ang nararamdaman ngayon ni Miss Yang tungkol sa Fukushima, at sa bansang Hapon at Korea. (araw ng pakikipanayam Oktubre 1, 2019)

- Kuwentuhan mo naman kami tungkol sa iyong pag-aaral dito sa bansang Hapon

Kumuha ako ng major course ng Korean Literature sa kolehiyo ng manirahan ako sa bansang Hapon. Pinag-aralan ko kung ano ang mga produktong iniwan ng mga marurunong na nanirahan dito sa bansang Hapon noong kapanahunan ng pananakop.

- Napagalaman naming na dahil sa trabaho ng mister ninyo ay isang taon kayong nanirahan sa Amerika.

Tulad ng bansang Amerika na halos ang mga naninirahang mamamayan ay may iba't ibang pinanggalingan o roots na namumuhay ay halos hindi pinapansin kung saang lugar ka ipinanganak o nang galing. Tungkol sa problema ng bansang Hapon at bansang Korea ay halos hindi naibabalita, at iyon ang aking ikinagulat. Sa panananaw ng buong bansa ay, ang bansang Hapon at bansang Korea ay halos

pareho din ng bansang Silangang Asia, na nasa iisang lugar.

- Ano naman ang masasabi mo tungkol sa Fukushima?

Sa lood ng prepektura ay mayroong lugar na puwede kang mamuhay na matiwasay, mayroon ding lugar na mahirap ng makabalik para mamuhay, mayroong ding lugar na inaayos pa para makabalik na at makapamuhay ang mga mamamayan, at lugar na kasalukuyang isinasagawa na maisara ang planta ng nukleyar. Gusto kung malaman ng buong mundo na ang mga mamamayan ng Fukushima ay nagsusumikap sa kagitnaan ng iba't ibang uri ng sitwasyon kanilang tinatahak. Ang normal na pang araw araw na pamumuhay ang nagpapakilala ng lakas ng Fukushima.

- Sa makatuwid ay iba't iba at masalimuot na hakahaka ang nararamdaman tungkol sa Fukushima.

Oo, napakaimportanteng



malaman na ang kulay abo ay may iba't ibang kulay sa lahat ng sitwasyon, hindi lang itim o puti. Madaling malaman ang kasagutan ng isang sitwasyon kung tatanungin ang isang tao kung mayroon bang pagkakamali o tama. Ngunit kung tatanggapin natin ang "gray zone" o kung baga ay ang alanganing sagot, baka sakali nating makita ang kaibahan ng panananaw.

- Sa palagay mo ba ito ay magdudulot na pagtanggap ng pagkakaiba?

Oo, palaging nasaisipan ko kung papaano mamumuhay ng matiwasay ang mga dayuhan at Hapones. Napaka hirap sa isang tao na makibagay sa kanyang kapwa na iba ang kinalakihan, kung hindi magiging matulungin o maging mahinahon. Inaasahan kung magkaroon tayo ng mapayapang pamayanan kung saan ang mga mamamayan ay marunong tumanggap ng kaibahan ng bawat isa.

Tawagin ang mga mamamayan sa pamamagitan ng African Drum (lunsod ng Fukushima)

「Pag-ugnayin ang mundo sa pamamagitan Pagkain at musika World Charity Marche 」 ay ginanap noong buwan ng Septyembre 8 (lingo) sa lunsod ng Fukushima na inisponsoran ng International Cooperation Group Kanimanbo. Habang ang mga miscellaneous goods at mga lutong pagkain ay ibenebenta sa bawat booth, sa stage naman ng musika ay nagpalabas ang musician ng Mozambique na si Mr. Nadja naginamitan ang folk drum ng Africa na Jambe.



Emergency Drill, paghahanda para sa Olympic (Nihonmatsu)

Noong Septyembre 11(Huwebes) ay ginanap sa Skypia Adatara ang Emergency Drill para sa mga turistang banyaga, at bilang representante ng Fukushima International Association ay sumali si CIR Miss Youki Wiens.

「Sa drill na ito ay ginamit ng opisyal ng ambulansya ang multi-language device para sa interpretasyon ang appli 『Voice tra』 sa dayuhang gumanap bilang sugatan .

Sa susunod na taon ay gaganapin ang Tokyo 2020 Olympic at Paralympic, mula sa buong mundo ay bibisita sa bansang Hapon ang iba't ibang lahi ng dayuhan. Ang pagsasagawa ng ganitong drill ay malaki ang maitutulong para sa kaligtasan ng banyagang turista na bibisita sa bansa.



Pandaigdigang pagpapalitan at araw ng paligsahan sa lunsod ng Tamura

Ang pandaigdigang paligsahan ay ginanap sa lunsod ng Tamura noong ika 6 ng Oktubre, Linggo. Halos mga 200 daang dayuhang residente at Hapones ang sumali sa palaro. Isa sa mga dumalo ay nag sabi na, " Ngayon lang ako nakasali sa ganitong uri ng palaro at talaga naming napakasaya. Ang mga residente sa iba't ibang henerasyon at nasyonalidad ay nagkatipon tipon sa nasabing palaro.



Impormasyon para sa pag sumikap makabangon buhat sa "Fukushima Restoration Station" iba't ibang wika

Sa Fukushima Prefectures official revitalization na may kaugnayang impormasyon portal site "Fukushima Restoration Station" ay naglunsad ang pinakabagong data para sa ligtas na pagkain at ang mga aktibidadis ng mga sumu-suporta sa Fukushima sa pamamagitan ng 10 na wika. <http://www.pref.fukushima.lg.jp/site/portal-english/>

Konsultasyon para sa mga Foreign Residents

English, Intsik, Hapones

Tuwing Martes hanggang Sabado 9:00-17:15

Koreano, Tagalog, Portuges, Vietnamese

Tuwing Huwebes 10:00~14:00 (Kailangan magpa-appointment tuwing ika 4 at 5 Huwebes ng buwan.)

☎024-524-1316 ✉ask@worldvillage.org (pribado)

Paki padala po ang inyong comments o panukala
Ikinagagalak po naming marinig ang inyong opinyon o panukala. Paki padala po ang impormasyon tungkol sa paksa na gusto ninyong ipahayag o kaya naman ay im pormasyon tungkol sa mga taong gustong mainterview.



Tagapaglathala

Fukushima International Association

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture

☎ 024-524-1315 ☎ 024-521-8308

✉ info@worldvillage.org

🌐 <http://www.worldvillage.org>

Facebook <https://www.facebook.com/fiainfo>

Twitter https://twitter.com/fia_info